



Iba pang mga wika - Kailangan mo ba ng tulong sa inyong wika upang maunawaan ang website na ito?

Mayroon kaming impormasyon sa ibang mga wika bukod sa Ingles upang maunawaan ang dayuhang pamumuhunan (foreign investment) sa Australya.

[Tulong sa pagsasalinwika at pag-iinterpretar](#)

Kung hindi mo mahanap ang impormasyon sa inyong wika, ang sumusunod na mga link ay makakatulong sa iyong makipag-ugnayan sa serbisyong kailangan mo.

[Translating and Interpreting Service \(TIS\) National](#)

Ang TIS National ng Department of Home Affairs (DHA) ay nagbibigay ng serbisyo ng interpreter sa telepono, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Maaari mong tawagan ang serbisyo sa 13 14 50 saanman sa Australya sa halaga ng lokal na tawag.

[National Accreditation Authority for Translators and Interpreters \(NAATI\)](#)

Upang makahanap ng tagasalinwika o interpreter na sertipikado o kinikilala ng NAATI, maaari kang:

- kumunsulta sa kanilang online na direktoryo
- tumawag sa NAATI sa 1300 557 470 (Australya lang).

[Yellow pages](#)

Makakahanap ka ng mga tagasalinwika at interpreter sa Yellow Pages, sa pamamagitan ng pag-search sa "Interpreters" o "Translators".

[Services Australia – impormasyon sa ibang mga wika](#)

Nagbibigay ang Services Australia ng pagsasalinwika para sa maraming online na lathalain nito, kabilang ang impormasyon:

- para sa mga bagong migrante
- para sa mga part-time at kaswal na manggagawa
- na napapailalim sa mga kasunduan sa social security ng Australya at ng ibang mga bansa
- tungkol sa mga kabayaran at serbisyo.

[Mga serbisyo ng pag-iinterpretar at pagsasalinwika ng Services Australia](#)

Ang Services Australia ay nagbibigay ng libheng pagsasalinwikang pasalita at pasulat upang matulungan kang gumawa ng kumpidensyal na kahilingan para sa kabayaran o mga serbisyo.

[Department of Home Affairs \(DHA\)](#)

Ang DHA ay may listahan ng mga isinalinwikang mapagkukunan na may payo para sa mga bagong migrante at mga taong nag-aaplay ng visa.

[Australian Taxation Office \(ATO\) – impormasyon sa ibang mga wika](#)

Ang ATO ay nagbibigay ng mga online na lathalain upang matulungan kang maunawaan ang pagbubuwis sa Australya. May makukuhang bersyon sa Arabo, Assyrian, Auslan, Burmese, Tsino, Croatian, Dari, Dinka, Espanyol, Farsi, Griyego, Hindi, Indones, Italyano, Hapones, Karen, Khmer, Macedonian, Ruso, Serbian, Somali, Thai, Turkish, at Vietnamese.